International Journal of Research Studies in Education
2023 Volume 12 Number 2, 53-61

Paglulugar ng indihenisasyong pang-edukasyon sa konteksto ng lipunan: Paglelente sa kasaysayan

Adigue, Andrea P.
Nueva Ecija University of Science and Technology, Philippines (adigue.andrea@neust.edu.ph; andreapadreadigue@gmail.com)
Policarpio, Samantha L.
Nueva Ecija University of Science and Technology, Philippines (samanthapolicarpio@gmail.com)

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 20 February 2023 **Revised**: 6 April 2023 **Accepted**: 12 April 2023
Available Online: 12 April 2023 **DOI**: 10.5861/ijrse.2023.20

Abstract

The paper presents a historical overview of educational indigenization in the context of Philippine society. The historical focuses on the origins of education in society, the place of education in society, the context of society in education, and the analysis of the relationship between education and society in achieving the goal of indigenization in the Philippines. The research used and referred to various works by experts, historians, and people from 1863 to the year 2020 because the study covers the history of education in the country. The paper also highlights the formulation of concepts based on Republic Act No. 8371, Republic Act No. 10533 and Department of Education Orders No. 62, series 2011 and No. 32, series 2015 that can be used to place education in the context of application to the needs of the indigenous society now.

Keywords: history, society, education, indigenization, historical lens

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

Paglulugar ng indihenisasyong pang-edukasyon sa konteksto ng lipunan: Paglelente sa kasaysayan

1. Introduksyon

Ang Indihenisasayon “Pilipinasyon” ay ang paglinang ng pambansang komunidad agham panlipunan na: (1) Nakasasandig-sa-sarili (2) Nakasasapat-sa-sarili; at (3) Namamahala-sa-sarili. Kasabay nang paglaganap ng nasyonalismo at pagbuo ng pambansang identidad ay may isang nabuong kilusang naglalayon ng indihenisasyon o “Pilipinasyon” ng agham panlipunan sa Pilipinas. Sa pananaw ng kilusang ito; ang karamihan ng mga mananaliksik ng lipunang Pilipino ay gumagamit ng mga konsepto at metodo ng pagsusuri na kadalasan ay batay sa mga itinuro ng mga espesyalista mula sa kanluraning daigdig. Sa palagay ng mga indihenisista, higit na mabisa at angkop ang siyentipikong pananaliksik kung ang gagamiting pamamaraan ng pagsusuri ay galing sa katutubong karanasan ng komunidad na sinisiyasat.

Makikita sa konteksto ng edukasyon sa Pilipinas na ito ay nakatala kasabay ng kasaysayan ng bansa. Mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan ay makikita ang pamamaraan ng pagsasalin ng kaalaman ay nakabatay sa konteksto ng lipunan. Nakaayon sa sitwasyon ng mga Pilipino sa bawat panahon ang nilalaman ng mga aralin sa edukasyon. Ang kontekstong panlipunan ay mahalagang salik sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa bansa na magiging kapaki-pakinabang sa pangkalahatang kaunlaran, gayun din sa preserbasyon ng identidad ng lipunang Pilipino.

Kapansin-pansin ang pagtatampok sa kasalukuyang panahon ng pag-aakma ng mga araling naglalayong matugunan ang pandaigdigang pangangailangan ng bansa na nagdulot ng unti-unti ring pagkawala ng lugar ng edukasyon sa konteksto ng lipunang Pilipino. Kapuna-puna ang patuloy pa ring pakikibaka ng mga edukador at mag-aaral sa pagtatamo ng edukasyon, magiging tunay na kapaki-pakinabang hindi lamang sa pandaigdigang pag-unlad kung hindi maging sa preserbasyon at indihenisasyon din naman ng lipunang Pilipino, sapagkat ito ang tunay na identidad at pagkakakilanlan ng bansa.

Ang nabanggit na dahilan ang naging lunsaran ng isinagawang papel-pananaliksik na “Paglulugar ng Indihenisasyong Pang-Edukasyon sa Konteksto ng Lipunan: Paglelente sa Kasaysayan”. Ito ay paghahangad na makapabigay ng balangkas ng mga konseptong maaaring magamit na batayan sa paglulugar ng edukasyon sa konteksto ng lipunang lalapat sa pangangailangan ng indihenisasyon sa Pilipinas sa kasalukuyang panahon.

1.1 Teoretikal na balangkas

Ang indihenisasyong pananaw ay pagnanais ng “indihenisasyon mula sa loob” na itinaguyod ng kilusang indihenista sa pamumuno ni Virgilio Enriquez na dating tagapangulo sa Departamento ng Sikolohiya at isa sa mga nagtatag ng Pambansang Samahan ng Sikolohiyang Pilipino. Isinusulong nito ang pagbabalik sa mga sibol na konsepto ng realidad sa pamamagitan ng pananaliksik na hindi na kailangang lumikha pa ng mga bagong ideyang angkop sa Pilipino sapagkat kulturang katutubo ng Pilipinas ay may mga paraang subok na sa pagsusuri ng kaisipan at kaasalan (Villacorta, 1983).

Itinala ni Villacorta sa kanyang papel ang mga inilahad ni Enriquez na mga mungkahi ng kilusang indihenisasyon upang paunlarin ang pagkaunawa ng sikolohiya ng Pilipino sa pamamagitan ng higit na mapanuri at orihinal na pag-aaral. Dito isinasaad ang sumusunod:

- Ipag-angkop ang mga teoryang hindi pa nasusuri at napatunayang makabuluhan sa buhay at lipunang Pilipino.
- Iwasan ang bulag na pagsunod sa alinmang pagbabago sa sikolohiya sa ibang bansa.

- Magkaroon ng pagkakaisa at komunikasyon ang mga mananaliksik sa iba't ibang lugar sa Pilipinas, sapagkat ito'y tanda ng pagkilala at pagpapahalaga ng Pilipino sa kanyang kakayahan.

- Linangin ang pagtiwala at paggalang sa sariling kakayahan sapagkat ang higit na pagtitiwala sa sarili ay siyang magiging daan tungo sa higit na pagsusuri sa mga impoprmasyon at teoryang banyaga. Gamitin ang magagamit mula sa ibang bansa at iwaksi ang hindi (Enriquez, 1976).

1.2 Layunin ng pag-aaral

Ang papel ay may pangkalahatang layunin na suriin ang kasaysayan ng paglulugar ng edukasyon sa konteksto ng lipunan upang makamit ang tunguhing indihenisasyong pang-edukasyon ng Pilipinas. Tiyak na layunin ng pagsusuri na sagutin ang mga sumusunod:

- Ano ang kinagisnang Edukasyon ng Lipunang Pilipino batay sa kasaysayan ng Pilipinas?

- Ano ang lugar ng Edukasyon sa Lipunang Pilipino?

- Ano ang Konteksto ng Lipunan sa Pilipinas hinggil sa Edukasyon?

- Ano ang ugnayan ng edukasyon at lipunan sa pagkakamit ng tunguhing indihenisasyon sa Pilipinas?

2. Mga kaugnay na literatura

Ang lagom ng mga pinagsama-samang magkakaugnay na literatura sa bahaging ito ay inilahad upang mapagtibay ang pangangailangan sa isinagawang papel-pananaliksik. Ang pangangailangan ng mga mamamayan ayon sa konteksto ng lipunan ang naging lunsaran ng edukasyon sa bawat panahon ng kasaysayan. Gaya na lamang ng pagtuturo ng mga magulang na nagsilbing guro nang sinaunang lipunan na isinasalin sa mga anak na lalaki ang kaalaman sa paghahanapbuhay samantalang sa mga anak na babae ang kaalaman sa mga gawaing bahay (Musa, 2012). Itinuro naman ng mga prayle ang Katolisismo gayundin ang wikang Espanyol sa panahon ng kanilang pananakop sa layong maipalaganap sa lipunan ang kanilang relihiyon at pananampalataya (Hardacker, 2012). Ang mga Thomasites naman ay ipinagamit sa mga paaralan ang wikang Ingles dala ng pangangailangang pangkomunikasyon sa lipunang kahalubilo ng mga mamamayang Pilipino ang mga Amerikano (Pineda-Tinio, 2002). Maging sa panahon ng pananakop ng mga Hapon ay nakasentro ang aralin sa kulturang Pilipino at Hapon, gayun din sa kanilang wika upang pagtibayin ang Greater East Asia Co-Prosperity Sphere (Giles, 2015).

Ang pamamahala sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas sa panahon ng malayang republika ay naisakamay na ng mga tagapamahalang Pilipino kaya kakikitaan din ng pagbabago mula sa mga sangay ng pamamahala, batas at patakarang ipinatutupad, antas ng pag-aaral at mga disiplinang nakapaloob ngunit namamayagpag sa edukasyon ang pagtugon sa pangangailangang makasabay ng lipunang Pilipino sa internasyonalisasyon at globalisasyon. Patunay ang sinabi ni (San Juan, 2009), na ang kalagayan ng Pilipinas sa kasalukuyan ay naghihingalong bayan na kailangan na ng agarang lunas dahil sa kawalan ng pambansang identidad ng mga Pilipino bunsod ng gahum o hegemonya ng mga pwersang kanluranin sa wika, kultura, edukasyon at ekonomiya ng bansa.

Ang pagpapalaganap ngayon ng mga araling isinakurikulum ng edukasyon ay angkop sa pandaigdigang kompetisyon. Tinukoy ni (San Juan, 2018), sa kanyang papel na Makabayang Pagsusuri sa Kasalukuyang Kurikulum ng Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas na mahalagang sipatin ang depinisyon ng nasyonalismo sa konteksto ng Pilipinas. Ibinatay niya ito sa *Artikulo XIV, Seksiyon 2.1 ng Konstitusyong 1987 ng Republika ng Pilipinas* na nagsasabing nasyonalismo dapat ang pundasyon, ang batayan ng edukasyon sa bansa:

> *"SEK. 2. Ang Estado ay dapat: (1) Magtatag, magpanatili, at magtustos ng isang kumpleto, sapat at pinag-isang sistema ng edukasyong naaangkop sa mga pangangailangan ng sambayanan at lipunan…"*

Ang mga nabanggit na magkakaugnay na literatura ay umaakma at sumasang-ayon sa tunguhin ng isinagawang pag-aaral na nagpatibay sa papel-pananaliksik na ito.

3. Kagamitan at metodolohiya

Ang kwalitatibong pamamaraan na ginamit sa pananaliksik may disenyong deskriptib kontent analisis. Ito ay may paglalarawan, pagtatala, pagsusuri, at pagbibigay interpretasyon sa mga pag-aaral na isinagawa ng iba't ibang mananaliksik at historyador sa sistema ng edukasyon sa kasaysayan ng Pilipinas upang maisakatuparan ang mga inilahad na layunin ng pag-aaral. Isinagawa ang mga proseso o hakbang sa pagbuo ng deskriptibong pagsusuri na tumutugon sa isang sistematiko at maayos na paraan ng pananaliksik.

Ang papel ay naglalaman at tumatalakay sa mga materyales na napili para sa pagsusuri: Historical Perspective of the Philippine Educational System ng Kagawaran ng Edukasyon; Ang Edukasyon Sa Panahon Ng Kastila (1863-1898): Unang Bahagi Ang Edukasyon Sa Pilipinas (1863-1898) ni Tiongson, N. G. (1982); "Lisyang Edukasyon ng Mga Pilipino." ni Constantino, Renato na isinalin ni Luis Maria Martinez at Suri, Saliksik, Sanaysay: Mga Babasahin sa Wika, Panitikan, at Lipunang Pilipino ni San Juan, D. M. (2020). Ang mga naturang materyales ang ginamit upang masagot kung ano ang kinagisnang edukasyon ng lipunang Pilipino, lugar ng edukasyon sa lipunang Pilipino, konteksto ng lipunan sa Pilipinas hinggil sa edukasyon, at ang ugnayan ng edukasyon at lipunan sa pagkakamit ng tunguhing indihenisasyon sa Pilipinas. Ginamit ding batayan ang mga batas na: Batas ng Republika bilang 8371, Batas ng Republika bilang 10533 at mga Kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon bilang 62, serye 2011 at bilang32, serye 2015 sa pagbabalangkas ng mga mungkahing konsepto para sa paglulugar ng indihenisasyong pang-edukasyon sa konteksto ng lipunan.

4. Resulta

Ang resulta ay inilahad sa bahaging ito upang matunton ang ugat ng kinalugmukang sitwasyon ng lipunan sa kasalukuyan at kung ano ang maaaring hakbang pang-edukasyon upang muling maiangat ang kalagayan ng lipunang Pilipino.

4.1 Kinagisnang Edukasyon ng Lipunang Pilipino batay sa Kasaysayan ng Pilipinas

Hindi pa man nasasakop ng mga dayuhan ang Pilipinas ay may edukasyon na sa lipunan bagamat sa anyong payak at hindi pormal na pamamaraan. Nakatala sa *Historical Perspective of the Philippine Educational System ng Kagawaran ng Edukasyon na:*

> *As early as in pre-Magellanic times, education was informal, unstructured, and devoid of methods. Children were provided more vocational training and less academics (3 Rs) by their parents and in the houses of tribal tutors.*

Bago pa man ang pagdating ng mga Espanyol sa kapuluan ay tinuturuan na ang mga kabataan ng kanilang mga magulang hindi man sa organisado at sistematikong pamamaraan ay naaayon naman ang mga aralin sa pangangailangan ng komunidad at lipunan at nakaakma ang mga ito sa gawi ng kanilang pamumuhay. Sa panahong ito ng kasaysayan dalisay pang nananalaytay ang kaakuhan at kayamanan ng mamamayan.

Nagsimula ang pormal na edukasyong itinatag ng mga Espanyol sa panahon ng kanilang pananakop. Sa pag-aaral ni (Tiongson, 1982) sa kanyang papel na "Ang *Edukasyon sa Panahon ng Kastila (1863-1898): Unang Bahagi Ang Edukasyon Sa Pilipinas (1863-1898)*, nakatala na:

> *"Ang taktika ng hispanisasyon ang ninais gamitin ng lahat ng monarkang Espanyol noong pa mang mga unang dantaon ng Rehimeng Espanyol. Ang mga dekreto na nagbubukas ng Escuela Normal, at mga paaralan ng instruksiyon primarya sa Sangkapuluan noong 1863, ang pinakamapagpasiya at maigting na hakbanging ginawa ng monarkiya (sa ilalim ng impluwensiya ng mga liberal na ministro), upang mapadali at mapalawak ang hispanisasyon sa*

bansa."

Gaya ng nakasaad sa tala, sa panahong ito nagsimula ang pagbabago ng edukasyon sa bansa, mula sa pagiging impormal at payak tungo sa pormal at organisadong pagsasataktika ng layuning panig sa kapakinabangan ng Espanya.

Sinabi rin ni (Tiongson, 1982), na:

> *"Tulad ng anupamang pangyayari, ang mga nabanggit ay di "pumutok sa buho" ng kawalan upang maglaho rin sa walang-kapararakan at di-maipaliwanag na kawalan. May puno't dulo ang mga magkakaagapay na mga proseso sa lipunang Pilipino."*

Ang simula ng pagkalugmok ng lipunan ay naganap sa panahon ng Espanyol ngunit nagpatuloy pa rin ang pagbulusok nito hanggang sa panahon ng mga Amerikano. Isinaysay ni (Constantino, 1966) ang kalagayang ito:

> *"Ang edukasyon ng mga Pilipino sa ilalim ng kolonyalismong Amerikano ay isang kasangkapan ng patakarang kolonyal. Kinailangang turuan ang mga Pilipino na maging sunud-sunuran sa patakarang ito. Kailangang hubugin ang mga murang isipan ayon sa mga kaisipang Amerikano. Unti-unting inalis ang mga likas na mithiin ng mga Pilipino upang mabura ang lahat ng palatandaan ng pagtutol. Ginamit ang edukasyon para maakit ang mamamayan sa mga bagong panginoon, kasabay nito'y ang pagpapalabnaw sa kanilang diwang makabayan na katatapos pa lamang magtagumpay laban sa dayuhang kapangyarihan. Ang pagpapakilala ng Amerikanong sistema ng edukasyon ay isang pailalim na hakbang upang lupigin ang matagumpay na nasyonalismo."*

Ito ay patunay na ang kinagisnang edukasyon ng mamamayan ay nakapanunupil sa diwang makabayan ng mga Pilipino bagama't nilambungan ito ng mga Amerikano ng balatkayong pagsaklolo sa bansa laban sa mga Espanyol.

Gayon rin ang nangyari sa pananakop ng Hapon bagama't maikling panahon lamang ang kanilang pananatili sa kapuluan na sa wari ay isinusulong ang pagyakap sa sariling wika, kultura at lipunang makabayan gaya ng nakatala sa "*Historical Perspective of the Philippine Educational System" ng Kagawaran ng Edukasyon:*

> *Under the Japanese regime, the teaching of Tagalog, Philippine History, and Character Education was reserved for Filipinos. Love for work and dignity of labor was emphasized.*

Ang ganitong tala sa kasaysayan ay nakapanghihimok sa ganda ng kontekstong nakapaloob sa edukasyong ipinakilala ng mga Hapon kung hindi mababatid na ang tunay nilang mithiin ay ang pagpapalawig ng kanilang imperyo at pagpapasailalim ng mga Pilipino sa kanilang kapangyarihan at pamamahala.

Sa paglente sa kasaysayan ay matatalos na ang kinagisnang edukasyon ay mayabong na ngang nagsanga sa kabuuan ng sistema kung kaya hanggang sa kasalukuyang panahon ay hindi malipol-lipol ang ugat nito. Kahit na kapwa mga Pilipino na ang namamahala sa lipunan at edukasyon ng bansa ay patuloy pa ring nananalaytay ang kinagisnang kolonyal na kaisipan.

4.2 Lugar ng Edukasyon sa Lipunang Pilipino

Panahon ng Kasaysayan	**Paglulugar sa Edukasyon ng layunin ng bawat panahon sa Lipunang Pilipino**
Sinaunang Panahon	Magaganda, madaling matututo ng anumang pag-aralan nila, matalisik, magagalitin, mapagpasiya, napakalinis at napakaingat sa kanilang mga katawan at kasuotan, maganda ang tindig at bukas ng mukha. Jose Rizal, (*The Indolence of the Filipino, sa Historical and Political Writings, pp 133-34)*

Panahon ng Espanyol	Hispanisasyon ng kaisipan at pagsasa-Katolisismo ng pananampalataya ngunit pagpapanatili sa pagiging Indio ng mga Pilipino sa lipunan. "*Ang Edukasyon sa Panahon ng Kastila (1863-1898): Unang Bahagi Ang Edukasyon Sa Pilipinas (1863-1898).*
Panahon ng Amerikano	Amerikanong sistema ng edukasyong may patakarang kolonyal kung saan ginamit sa pagtuturo ang wikang Ingles upang hubugin ang mga murang isipan ayon sa mga kaisipang Amerikano. (Constantino,1966).
Panahon ng Hapon	Edukasyon kung saan isinusulong ang pagyakap sa sariling wika, kultura at lipunang makabayan ngunit lumulupig sa karapatan ng lipunang maging malaya. "*Historical Perspective of the Philippine Educational System" ng Kagawaran ng Edukasyon.*
Panahon ng Malayang Lipunan (kasalukuyang panahon)	Edukasyon sa kurikulum ng K to 12 kung saan pinalala ang sitwasyong malakolonyal, at malapyudal ng Pilipinas sa diumano'y mabibigat na dahilan at batayan ng pagpapatupad ng K to 12: pagsunod sa pamantayang global sa layuning makipagkumpetisyon sa ibang bansa bilang destinasyon ng dayuhang puhunan at suplayer ng mga manggagawa/propesyunal, mabilis na pagmamanupaktura ng mga semi-skilled na manggagawa at propesyunal para sa lokal at internasyunal na merkado sa ilalim ng banderang anti-edukasyong tersyarya para sa nakararaming mamamayan, at pagpapatuloy at pagpapalawak ng pag-eeksport ng mga manggagawa/ propesyunal. (San Juan,2020)

Makikita sa talahanayan na ang edukasyon sa iba't ibang panahong nakatala sa kasaysayan ng Pilipinas ay naging lugar sa pagsasakatuparan ng layunin ng bawat naghaharing pwersa sa lipunan. Naging lugar din ang edukasyon sa mga propagandang ideolohikal ng mga namumuno kung saan nagaganap ang pagmamanipula sa kaisipan ng bawat mamamayang Pilipino sa loob ng paaralan.

4.3 Konteksto ng Lipunan sa Pilipinas hinggil sa Edukasyon

Nahubog ang lipunang Pilipino sa konteksto ng kolonyalismong kaisipan sa pag-aakalang ito ang susi sa pagkakaroon ng maunlad na bansa ngunit matibay na patunay ang mga tala ng kasaysayan na ang anumang pagsisikap na gamitin ang edukasyon sa mga taktikang makakanluranin at makadayuhan ay walang buting naidulot sa katatagan ng bansa bagkus ay patuloy pa itong nagiging sanhi ng pagkawatak-watak ng bawat mamamayan. Sa akda ng historyador na si Renato Constantino na "Ang Lisyang Edukasyon ng Pilipino", unang nalathala noong 1966 at malayang isinalin ni (Martinez, 2012) ay sinabi niya na:

> *"Subalit patuloy pa ring binabakas ng nakararami sa ating mga lider sa edukasyon ang kanilang ugat sa mga sundalong Amerikanong naging unang mga guro at bahagi ng hukbong sumakop sa ating bayan. Waring hindi nila alam na ang namanang sistemang pang-edukasyon at pilosopiya sa likod nito ay angkop lamang sa panahon ng kolonyalismong Amerikano. Ang sistemang pang-edukasyong pinairal ng mga Amerikano ay kinailangang umakma at sadyang iniakma sa pangangailangang pampulitika at pang-ekonomya ng kolonyalismong Amerikano."*

Mahihinuha sa pahayag ni (Constantino, 1966) na hindi na nararapat ang kolonyalismong kaparaanan sa sistemang pang-edukasyon sa panahong hindi naman na nasasakop ng sinumang dayuhan ang bansa. Ngunit gayun pa man na ilang dekada na muli ang lumipas ay kailangan pa ring ulitin ang kanyang pahayag sa kasalukuyang panahon sapagkat hindi pa rin nababago ang konteksto ng lipunan sa edukasyon hanggang ngayon.

Idinagdag din ni Constantino sa bahagi ng kanyang pagtalakay sa Makabayang Pagkilos ng Edukasyon na:

> *"Minsa'y nahamig ang suporta ng mga mangangalakal na Pilipino sa patakarang Pilipino Muna, at maraming iskolar at ekonomista ang nagmungkahing gawing kagyat na kahilingan ng bansa ang paglaya ng ating ekonomya. Nakita sa larangan ng sining ang mga palatandaan ng bagong pagpapahalaga sa ating kultura. Anubaga't niririndi ng sanlaksang makabayang pagkilos ang iba't ibang larangan ng gawain. Ngunit wala pa tayong naririnig na organisadong*

pagkilos ng mga pinuno ng pamantasan para maging makabayan ang ating edukasyon."

Dito masisiyasat na ang lipunan ay naghahangad na ng pagsasa-Pilipino ng konteksto sa iba't ibang larangan ngunit hindi matugunan ang hangaring ito sa aspektong pang-edukasyon hanggang sa ngayon.

4.4 Ugnayan ng edukasyon at lipunan sa pagkakamit ng tunguhing indihenisasyon sa Pilipinas

Malaki ang ugnayan ng edukasyon at lipunan sapagkat daan ang edukasyon sa pagpapalaganap ng mga adhikaing maglalagay sa lipunan tungo sa pag-unlad o pagkalugmok. Ang mga pagpupunla ng binhi ng kalaman at paghuhubog dito na nagaganap sa loob ng sistema ng edukasyon ay isinasapraktika at ginagamit ng mg mamamayan sa lipunan. Gaya nga ng sinabi ni (San Juan, 2020) na hindi maihihiwalay ng guro ang kanyang sarili sa kanyang lipunang ginagalawan at magkakaroon lamang siya ng pangmatagalang ginhawa sa sistema kung tutulong siya para mabago ito, dahil kitang-kita na ang mga problema sa sektor ng edukasyon ay bahagi at karugtong ng mga problema ng bayan.

Ayon kay San Juan:

> *"Pangunahing tungkulin ng mga guro sa bansa na imulat ang kani-kanilang estudyante sa mga realidad ng lipunan sa pamamagitan ng isang makabayang sistemang pang-edukasyon. Upang makita kung ano at paano iyon isasakatuparan, mahalagang suriin muna ang kasalukuyang sitwasyon ng edukasyon sa bansa."*

Sa akda ng historyador na si Renato Constantino na "Ang Lisyang Edukasyon ng Pilipino" ayon sa malayang salin ni (Martinez, 2012) ay nakasaad ang ganito:

> *Ang edukasyon ay isang mahalagang sandata ng isang bansang nagpupunyaging magtamo ng kalayaang pangkabuhayan at pampulitika at nagnanais na muling madalisay ang sariling kultura. Tayong mga Pilipino ay isang gayong bansa. Dahil dito, ang ating edukasyon ay dapat lumikha ng mga Pilipinong may pag-unawa sa saligang suliranin ng bayan at sa mga lunas sa mga suliraning ito. Dapat itong lumikha ng mga Pilipinong may sapat na malasakit sa bayan at may sapat na lakas ng loob na kumilos at magpakasakit para sa katubusan ng Inang Bayan.*

Mahihinuha na ang mga gurong gumaganap sa tungkulin ng edukasyon at ang mga mag-aaral na silang magiging responsableng mamamayan ng lipunan ang may pinakamalaking gampanin sa pagsasakatuparan ng pagkakamit ng tunguhing indihenisasyon sa Pilipinas. Sa pagtutulungan ng mga guro at mag-aaral ay malaki ang pag-asa na magising nang tuluyan ang kamalayan ng sambayanan sa kahalagahan nito upang umunlad ang bansang may sarili pa ring identidad at pagkakakilanlan.

5. Pagtalakay

Sa katapusan ng pagsusuri at analisis na ito, natuklasan sa pananaliksik ang mga sumusunod:

- Nagsimula ang pormal na sistema ng kinagisnang edukasyon sa panahon ng mga Espanyol noong 1863 kung saan naipunla sa lipunan ang kolonyalisasyong lumalim na nag-ugat at yumabong na nagsanga sa kaisipan ng sambayanan sa napakahabang panahon kung kaya ang pakikibaka naman sa ngayon tungo sa indihenisasyon ay maaari ring umabot ng gayong katagal ring panahon kung hindi magigising ang kaisipan ng mga mamamayan sa pagbabago ng pamamalakad sa edukasyong magiging daan sa pagsasakatuparan nito.

- Ang edukasyon ay nagsilbing lugar na nagamit bilang instrumentong radikal tungo sa kolonisasyon kung saan hinubog ng bawat mananakop na naghari sa kasaysayan ng bansa ang pagbabago ng kaalaman ng mga Pilipino na aayon at lalapat sa kanilang makasariling layunin. Maging sa panahon na ng malayang republika ay nanatiling lugar pa rin ang edukasyon sa pagkagapos ng kolonyal na

mentalidad sa halip na maging lugar na ito ng indihenisasyon ng kaalamang huhubog sa isip, puso at gawi ng mga mamamayang Pilipino sa konteksto ng lipunang kanilang kinabibilangan.

- Bagama't nahubog ang kaisipan ng mamamayan noong mga nagdaang panahon sa konteksto ng lipunan hinggil sa makakolonyal na sistema ng edukasyon ay unti-unti na ring nagkakaroon ng kamalayan ngayon sa kahalagahan sa pagyakap sa indihenisasyon ng mga Pilipino sa tulong ng mga edukador na nakikibaka sa pagtataguyod at pagpapalaganap ng diwa nito.

Sa mga puntong nabanggit ay mahihinuha ang matibay na pangangailangang magkaroon ng paglulugar ng indihenisasyong pang-edukasyon sa konteksto ng lipunan kung kaya iminumungkahi ang pagpapalawig sa sinasaklaw ng implementasyon ng mga batas na tulad ng Batas *ng Republika bilang 8371, Batas ng Republika bilang 10533 at Kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon bilang 62, serye 2011 at bilang32, serye 2015* na maaaring magamit na batayan sa paglulugar ng edukasyon sa kontekstong lalapat sa pangangailangan ng indihenisadong lipunan sa kasalukuyang panahon. Ang konsepto ng pagpapalawig ay ang mga sumusunod:

- Nakasaad sa Batas ng Republika bilang 8371 na kilala rin bilang *"The Indigenous Peoples' Rights Act of 1997"* ang:

> *"batas na kumikilala, nagtatanggol at nagtataguyod sa karapatan ng katutubong pamayanang kultural/katutubong pamayanan, nagbubuo ng Pambansang Komisyon para sa katutubong pamayanan, nagtatadhana ng kaukulang kaparaanan sa pagpapatupad, at naglalaan ng gugulin para dito at para sa iba pang layunin."*

Ang naturang batas ay nakatuon lamang sa pagsulong ng mga karapatan ng katutubong pamayanang kultural kung saan mauungkat ang pagkakabaha-bahagi pa rin ng Pilipinas sa iba't ibang katutubong pangkat ng mga mamamayan sa bansa. Iminumungkahi ang pagpapalawig ng batas kung hindi man ay ang pagsasabatas rin naman ng indihenisasyon ng lipunang pambansa at hindi lamang pangkatutubong pamayanan. Sa gayong paraan ay magkaroon rin naman ng batas na kikilala, magtatanggol at magtataguyod sa karapatan ng isang nagkakaisang lipunang makabansa.

- Sa Batas ng Republika bilang 10533 Seksiyon 5 ay nakasaad na susunod ang DepEd sa mga inilahad na pamantayan at prinsipyo sa paggawa ng kurikulum ng pinabuting batayang edukasyon kung saan nakatala ang ganito:

> *Ang kurikulum ay kinakailangang bukas upang maaaring isalokal, isakatutubo, at pabutihin pa ito ng mga paaralan batay sa kanilang mga partikular na kontekstong pang-edukasyon at panlipunan. Ang produksiyon at paggawa ng mga lokal na materyales sa pagtuturo ay hihikayatin at ang pagtanggap sa mga materyales na ito ay nakasalalay sa mga panrehiyon at pandibisyong yunit sa edukasyon.*

Maaaring palawigin ang batas hindi lamang sa pagsasalokal at pagsakatutubo ng kontekstong pang-edukasyon at panlipunan kundi pagsasa-Pilipino ng kontekstong ito upang masaklaw ang kabuuang diwa ng pagiging mamamayan ng isang bansa hindi lamang ng pagiging bahagi ng isang lokalidad o isang katutubo sa isang partikular na pangkat sa Pilipinas.

- Ang Kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon bilang 62, serye 2011 na tinatawag na *Adopting the National Indigenous Peoples Education (IPEd) Policy Framework* at Kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon bilang 32, serye 2015 na kilala rin sa tawag na *Adopting the Indigenous Peoples Education Curriculum Framework* ay mga kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon kung saan nakasaad ang ganito:

> *Recognizing the right of indigenous peoples to basic education that is culturally rooted and responsive, the IPEd Curriculum Framework seeks to provide guidance to schools and other*

education programs, both public and private, as they engage with indigenous communities in localizing, indigenizing, and enhancing the K to 12 Curriculum based on their respective educational and social contexts.

Ang pagbalangkas ng mga naturang kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon ay sumasakop lamang sa lokalisasyon, indihenisasyon at pagpapalawig ng kurikulum sa *K to 12* tungkol sa edukasyon ng mga katutubong pamayanan kung kaya iminumungkahi ang pagpapalawig ng sinasaklaw nito na sasakop din sa lokalisasyon at indihenisasyong pambansa kung saan ibabatay ang mga aralin hindi lamang sa kulturang nag-ugat at tumutugon sa pangangailangan ng pangkat minorya kung hindi ito ay tutugon din sa pangangailangan ng pambansang lipunan.

6. Mga sanggunian

Department of Education. (2021). *Historical perspective of the Philippine Educational System.* https://www.deped.gov.ph/about-deped/history/

Enriquez, V. (1976). *Batayan sa kasaysayan, perspektibo, mga konsepto at bibliograpiya*. Lungsod ng Quezon: Pamantasan ng Pilipinas.

Giles, N. W. (2015). *The greater East Asia co-prosperity sphere: the failure of Japan's "Monroe Doctrine" for Asia*. Undergraduate Honors Theses. Paper 295. https://dc.etsu.edu/honors/295

Hardacker, E. P. (2012). The impact of Spain's 1863 educational decree on the spread of Philippine public schools and language acquisition. *European Education*, *44*(4), 8-30.

Lumbera, B. (2007). Edukasyong kolonyal: Sanhi at bunga ng mahabang pagkaalipin. *Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal education in the Philippines.* http://cnsupdiliman.weebly.com/uploads/4/7/1/0/4710922/mula_tore_patunong_palengke__neoliberal_education_in_the_philippines.pdf

Martinez, L. M. (1955). *Lisyang edukasyon ng mga Pilipino ni Constantino, Renato*. https://fil40online.files.wordpress.com/2012/06/lisyang-edukasyon-ng-pilipino.pdf

Mongaya, K. (2012). *The Philippine educational system*. https://karlomongaya.wordpress.com/2012/01/06/the-philippine-educational-system-1

Musa, S., & Ziatdinov, R. (2012). Features and historical aspects of the Philippines educational system. *European Journal of Contemporary Education, 2*(2).

Pineda-Tinio, M. T. (2002). Bearers of benevolence: The Thomasites and public education in the Philippines, by M. Racelis & J. C. Ick. *Philippine Studies*, *50*(4), 581–583.

Remollino, A. M. (2007). *Philippine education in the neocolonial period. Sa mula tore patungong palengke: Neoliberal education in the Philippines.* http://cnsupdiliman.weebly.com/uploads/4/7/1/0/4710922/mula_tore_patunong_palengke__neoliberal_education_in_the_philippines.pdf

San Juan, D. M. (2009). *Kontra-Gahum: Ang lahatang-panig at kapit-sa-patalim na pag-unlad at pagsulong ng wikang pambansa mula sa panahon ng kolonyalismo hanggang sa bungad ng ikalawang milenyo* https://cupdf.com/document/2009-sanaysay-kontra-gahum.html

San Juan, D. M. (2018). *Makabayang pagsusuri sa kasalukuyang kurikulum ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas.* https://www.researchgate.net/publication/323334865_Makabayang_Pagsusuri_sa_Kasalukuyang_Kurikulum_ng_Sistema_ng_Edukasyon_sa_Pilipinas

San Juan, D. M. (2020). *Suri, saliksik, sanaysay: Mga babasahin sa wika, panitikan, at lipunang Pilipino.* UP-Sentro ng Wikang Filipino.

Tiongson, N. G. (1982). Ang edukasyon sa panahon ng Kastila (1863-1898): Unang bahagi ang edukasyon sa Pilipinas (1863-1898). *Malay, 2*(1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=7656

Villacorta, W. V. (1983). Ang *Indihenisasyon ng agham panlipunan. Malay*, *3*(1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=7670